Ang sinumang nanumpa sa iba pa kay Allāh, tumanggi nga siyang sumampalataya o nagtambal nga siya."}

Ayon sa Anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanilang ): {Siya ay nakarinig ng isang lalaking nagsasabi: "Hindi; sumpa man sa Ka`bah." Kaya nagsabi ang Anak ni `Umar: "Huwag kang manumpa sa iba pa kay Allāh sapagkat tunay na ako ay nakarinig sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: Ang sinumang nanumpa sa iba pa kay Allāh, tumanggi nga siyang sumampalataya o nagtambal nga siya."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, at Imām Aḥmad]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nanumpa sa iba pa kay Allāh at sa iba pa sa mga pangalan Nito at mga katangian Nito, tumanggi nga siyang sumampalataya kay Allāh o nagtambal nga siya dahil ang panunumpa ay humihiling ng pagdakila sa pinanunumpaan at ang kadakilaan ay tanging ukol kay Allāh – tanging sa Kanya. Kaya naman walang panunumpa kundi kay Allāh at sa mga pangalan Niya at mga katangian Niya (kaluwalhatian sa Kanya). Ang panunumpang ito ay kabilang sa Maliit na Shirk subalit kung sakaling ang nanunumpa ay nagdakila sa pinanunumpaan niya gaya ng pagdakila kay Allāh (napakataas Siya) o higit na matindi, sa sandaling iyon ito ay nagiging kabilang sa Malaking Shirk.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3359